Mangyaring gawin ang pagsusuri na ito sa isang lukob at tuyong lugar na malayo sa mga pampublikong lugar

PAGSUSURI SA SARILI NG COVID-19



Kailan ko dapat gamitin ang pagsusuri?

Gamitin ang test kit na ito sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kung ang isang malapit na nakasalamuha o isang tao sa iyong sambahayan ay nahantad o may mga sintomas ng COVID-19
- Para sa trabaho o mga paaralan –magtanong sa iyong employer/paaralan upang makita kung anong uri ng mga pagsusuri ang kanilang tinatanggap
- Bago o pagkatapos ng mga pagtitipon ng pamilya, salu-salo o kapistahan
- Pagkatapos ng malalaking kaganapan tulad ng mga larong pampalakasan o mga serbisyong batay sa pananampalataya at pagkatapos ng paglalakbay

Ang mga mabilis na pagsusuri sa sarili ay hindi tinatanggap sa mga sitwasyong ito:

- **Upang matugunan ang mga kinakailangan sa paglalakbay**
- **Upang paikliin ang panahon ng pagkuwarentenas**
- **Upang makapasok sa mga establisyimento na nangangailangan ng katibayan ng pagbabakuna**

Huwag gamitin ang pagsusuri na ito kung ikaw ay naghihintay ng resulta mula sa lugar ng pagsusuri. Hintayin ang iyong resulta at sundin ang patnubay.

Ano ang pambahay na pagsusuri sa sarili ng COVID-19?

Ito ay isang mabilis (antigen) na pagsusuri na maaari mong gamitin sa bahay at makakuha ang mga resulta sa loob ng 15-30 minuto. Nagbibigay kami sa komunidad ng mga libreng pagsusuri sa sarili upang gawing mas madali para sa mga pinaka-apektado ng COVID-19 na magsuri kung kailangan nila at makatulong na maiwasan ang pagkalat.

Ano ang dapat kong gawin kung positibo ang pagsusuri ko?

- Manatili sa bahay at ibukod ang sarili sa loob ng 10 araw at ipaalam sa iyong mga nakasalamuha
- **Kung kailangan mo ng isang** lugar na matutuluyan habang nakabukod, tawagan ang King County COVID-19 call center: 206-477-3977*
- Para sa tulong sa mga groseri, bayarin, o iba pang mga pangangailangan habang nakabukod tumawag sa Care Coordination: 206-477-8260*
- Para sa mga katanungan o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sintomas, makipag-ugnayan sa inyong pagamutan
- Ipagbigay-alam ang mga resulta Sa Washington State Department of Health: 1-800-525-0127*

- **Pumunta sa kingcounty.gov/nextsteps** Para sa karagdagang mga mapagkukunan

*Para sa tulong sa wika para sa mga numero ng telepono sa itaas, hilingin ang wikang kailangan pagka-konekta ng tawag.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagsusuri sa sarili: kingcounty.gov/selftest

Public Health
Seattle & King County